



PROLOGUE

Halos gumapang si Casper Antonio Echevarria papunta sa kotse niya dahil sa sobrang kalasingan. Isinusumpa talaga niya—gaya ng kung paano niya isinumpa iyon kagabi at noong isang araw, at noong isang linggo—hinding-hindi na siya mag-iinom ulit, utang na loob!

Iniwan niya sa loob ng bar ang mga kabarkada dahil hindi na niya kaya. Isang shot pa, susuka na siya. Nakakahiya. Hindi naman sa hindi pa nangyayari iyon sa kanya. Kaya nga niya alam na nakakahiya, eh.

Nagawa niyang buksan ang pinto ng sasakyan niya at sumakay roon. Bakit siya nasa passenger seat, for f*ck's sake? Sino ang magmamaneho?

Gayunpaman, isinara ni Casper ang pinto ng kotse. Kung wala siya sa tamang katinuan para maupo sa tamang upuan sa loob ng kotse, malamang wala siyang kakayahang magmaneho. Mauupo muna siya rito, hihintaying umayos ang lagay ng tiyan niya at huminto

ang pag-ikot ng mundo saka siya lilipat ng driver's seat.

Huminga siya nang malalim. Napagdesisyonan niyang mali iyon nang tila bumulwak ang halo-halong alkohol sa tiyan niya. Mabagal niyang pinakawalan ang hininga. At nang malampan ang pagrerebelde ng sikmura, isinandal niya ang masakit na ulo sa headrest saka siya pumikit. Baka makatulong kung iidlip siya.

Hindi niya alam kung gaano katagal na siyang naroon nang gisingin ng mga boses sa paligid.

Where the heck was he?

Ah, sa kotse niya sa parking lot ng isang bar sa Malate, one of the latest in a long line of bars na sinubukan nilang magbabarkada.

Tumikhim siya at napangiwi sa masamang lasa sa bibig niya bago nagsimulang kumilos para lumipat na sa driver's seat. Kaya na siguro niyang magmaneho.

Inabot niya ang manibela at napasulyap siya sa rear view mirror. Sa kabila lang ng parking lot, sa bandang dulo, nakita niya ang apat na lalaki sa harapan ng isang SUV. Lumingon na si Casper.

Namukhaan niya ang isa sa mga iyon. Hindi niya kilala nang personal ang lalaki pero madalas nila itong makasabay ng barkada niya sa pagba-bar hop nila. Ito si Jace Calderon na anak ng isang senador. May kausap itong isang lalaking dinuduro at ipinagtutulakan nito.

Tsk. Mukhang magkakaaway pa, ah.

Napikon na ang lalaking dinuduro ni Jace at itinulak nang palayo ang mayabang na anak ng senador. Itinulak din ito ng lalaki bago ito hinawakan ng dalawa sa mga

kasama ni Jace. Nakasuot ng short-sleeve na barong ang mga ito. Mukhang mga bodyguards.

Napangiwi si Casper nang sinimulang pagtulungan ng mga ito ang lalaki.

Maybe he should go. Alam naman ni Casper na madalas iyong umaawat pa sa mga gulo ang nasasaktan. Hindi naman niya kilala iyong lalaking binubugbog. He really should stay out of it.

He started to quietly move to the driver's seat nang bigla siyang makarinig ng putok ng baril.

*Oh, f*ck.*

Lumingon siyang muli at nakitang si Jace ang may hawak ng baril na nakatutok sa ibaba bago iyon muling ipinutok ng lalaki.

Nawala ang kalasingan ni Casper. Napatda siya sa passenger seat, namimilog ang mga mata habang pinapanood na isakay ng dalawa sa mga bodyguards ni Jace ang katawan ng lalaking binubugbog ng mga ito kanina.

Sumakay na sa SUV ang tatlo sa apat na bodyguards at umandar na iyon. Naglakad naman pabalik ng bar si Jace at ang isa pa nitong bodyguard.

Oh, shit. Oh, shit. Oh, shit!

Dadaan ang mga ito sa tabi ng kotse niya.


As quietly and as carefully as he could, lumipat sa back seat si Casper, ipinagdarasal na huwag umuga ang kotse niya sa pagkilos niya. Madilim ang tint ng mga bintana niya at madilim din sa kinapaparadahan ng kotse niya, pero mabuti na ang magtago. Life or death na ito.

Hindi niya alam kung paano niya napagkasya ang

5'11" niyang katawan sa pagitan ng mga upuan pero nakatago na siya nang lampasan ni Jace at ng kasama nito ang kotse niya. Sinilip niya ang dalawa mula sa siwang sa pagitan ng driver's seat at ng bintana, at muli siyang nagpigil ng hininga nang huminto si Jace at ang bodyguard nito sa harapan mismo ng sasakyan niya. Doon nag-yosi si Jace na parang walang nangyari, na parang wala itong binaril kanina lang.

Nang matapos manigarilyo, nagsimula na muling maglakad ang dalawa palayo, hanggang sa ang naririnig na lang ni Casper ay ang dagundong ng puso niya at ang marahas niyang paghinga.





CHAPTER 1

Napabalikwas si Casper nang may kumalabit sa kanya. Tumaas ang mga kamay niya at nangharabas sa ere na para bang may kina-*Karate* bago niya nakilala ang konduktor ng sinasakyan niyang bus. Tinaasan lang siya ng kilay ng lalaki. Tuluyan nang nahimasmasan si Casper.

“Nasa Solano na tayo, ser,” sabi ng konduktor na natatawang napapailing.

Luminga-linga si Casper at napansing siya na lang ang sakay ng bus. Sa sobrang pagod niya, derecho ang kanyang tulog at hindi na namalayan ang paghinto ng sinasakyan. Ilang buwan na kasing nasa tatlo o apat na oras lang ang tulog niya sa isang araw.

Tumikhim siya at tumayo mula sa kinauupuan at kinuha ang backpack niya bago bumaba ng bus. Papalubog na ang araw pero marami pa ring tao sa kalsada. Marami pang bukas na restaurants at tindahan. Isinuot niya ang itim na cap at isinukbit ang strap ng bag niya sa isang

balikat saka nagsimulang maglakad.

Matapos ang nangyari sa parking lot ng bar tatlong buwan na ang nakakaraan, tumakbo siya sa abogado ng pamilya nila para ikuwento ang nasaksihan. Sinamahan siya nito sa pulis at naroon siya nang lumabas ang balitang isang undercover agent ng pulisya ang natagpuang patay at pinaghihinalaang biktima ng summary execution. Positibo niyang kinilala ang lalaki. At dahil sa kanya, dinampot ng mga pulis si Jace at ang mga bodyguards nito.

Dahil doon, kasalukuyang nasa *Witness Protection Program* si Casper hanggang sa maibigay niya ang testimonya niya sa korte. Pero iyon ay kung mananatili siyang buhay hanggang sa nakatakdang trial date.

Tatlong beses nang may nagtangka sa buhay niya at ilang alagad ng batas na ang nasusugatan at isa ang kasalukuyang naka-coma dahil ipinagtanggol siya ng mga ito. Ayaw na niyang may masaknan pa ulit dahil sa kanya.

Hindi na kaya ng konsyensya niya ang mas malaki pang kargo pag nagkataon.

Sa totoo lang, wala siyang plano. Nang matakasan niya ang kasalukuyang grupo ng mga bodyguards na naka-assign sa kanya, basta sumakay si Casper sa unang provincial bus na nakita niya. Nang dumating iyon sa dulo ng biyahe nito, bumaba siya at sumakay ulit ng isa pang bus hanggang sa nakarating nga siya rito sa Solano, Nueva Vizcaya.

Ngayon lang siya nagawi rito. Nagpalibot-libot lang siya, walang tiyak na pupuntahan, hanggang sa mapansin niyang tuluyan nang lumatag ang dilim. Natagpuan niya

ang sariling mag-isang naglalakad sa isang eskinita.

Ito ang masama, eh. Nakatikim lang ng kaunting pahinga ang utak niya, naging mapurol na. Kailangan niyang ipaalala sa sarili na huwag maging kampante por que malayo siya sa Maynila dahil maaari niya iyong ikamatay.

Umikot siya para bumalik sa pinanggalingan. May mga establishments doon sa labas. Magtatanong-tanong siya kung saan may puwedeng tuluyan na mura lang.

May dalawang lalaki siyang nakasalubong kaya tumabi siya para padaanin ang mga ito. He bent his head, hunched his shoulders, and prepared to pass the two men. Kaya lang hinablot ng isa sa mga ito ang mga balikat niya at itinulak siya pasandal sa pader.

Pakdishit!

Nauntog ang likod ng ulo niya pero lumipad na ang kamao niya para suntukin ang lalaki sa panga. Napaatras ito pero lumapit ang kasama nito na sinikmuraan siya bago nito sinimulang hilahin ang backpack niya.

Aba't nanakawan pa talaga siya?

Sa gitna ng sakit, sumiklab ang galit ni Casper. Dapat ba talagang lahat ng kamalasan sa mundo, eh, mangyari sa kanya? Karma ba ito? Mabait naman siyang tao, ah!

Gumanti siya ng suntok at tumumba ang ikalawang lalaki. Sinalag niya ang suntok ng isa pa bago ito tinadyakan sa sikmura. Pero nakatayo nang muli ang kasama nito at malakas siyang hinampas sa batok kaya siya napaluhod. Tinadyakan siya nito sa tagiliran at hindi nakahinga si Casper sa sakit.

“Hoy!” sigaw ng isang... babae? Tinig ng babae iyon,

eh. Tuluyan nang hinablot ng isa sa mga snatchers ang backpack niya bago nagsimulang tumakbo ang dalawa.

“Tigil!” sigaw muli ng tinig bago nakita ni Casper ang isang pares ng mahahabang binti na dumaan sa harapan niya. Iyon lang, dahil halos nakasubsob siya sa lupa, nahihilo pa dala ng tinamong tama sa batok, hindi niya nakuhang tingalain ang tagapagligtas niya.

Mayamaya lang binalikan siya nito.

“Sir? Kuya? Kuya?”

Tuluyan na siyang dumapa sa lupa at nadama niyang may kumakabig sa balikat niya para makahiga siya. Nagmulat siya ng mga mata at tiningnan ang babae.

Holy hell, ang ganda!

Walang makeup at naka-ponytail lang ang buhok pero ang ganda talaga. Parang ang sarap haplusin ng pisngi at sundan ng dulo ng mga daliri ang mga labi bago tuluyang halikan.

Saka siya nito babarilin gamit ang hawak nitong calibre .45 na ibinalik nito sa dala nitong bag nang makitang napasulyap siya roon. Kaya naman pala nagtakbuhan ang mga walangya. Armado si Miss Beautiful.

“May baril ka.”

“Oo.” Pero iyon lang ang sinabi nito tungkol doon. “Okay ka lang?” Sa malamlam na ilaw mula sa poste sa di kalayuan, kitang-kita niya ang pag-aalala sa mga mata nito.

“Pulis ka ba?” tanong niya.

Kailangan niyang masiguro. May kasabwat na mga pulis si Jace kaya natutunton ng mga ito kung nasaan

siya. Kaya ilang matitinong pulis na rin ang nasasaktan dahil sa kanya.

Kung pulis ang babae, hindi siya puwedeng magtiwala rito. Sasabihin na lang niyang kaya niyang habuling magisa ang mga kumuha sa bag niya.

“Hindi. Security guard ako.”

Seryoso? Lady guard ito?

“Saan ka nasaktan?” tanong nito.

“Okay lang ako,” sabi niya na mabilis na kumukurap para labanan ang pagdidilim ng paningin. Okay na okay lang siya.

Tinulungan siya nitong maupo, at dahil lumapit ito sa kanya, nalanghap niya ang samyo nito.

Wow, ambango!

“Teka, nahihilo pa ako,” sabi niya sabay hilig dito. Inakbayan naman siya nito.

“Naitakbo nila ‘yung bag mo,” sabi ng babae habang idinadaan nito ang hinlalaki sa gilid ng kilay niya.

Mahapdi ang lugar na iyon.

“Okay lang ‘yun. Baka nga ibato pa nila sa ‘kin ‘yun kapag nakita na nila ang laman n’un.”

“May mga sugat ka.”

Kinuha nito ang braso niya at ipinatong sa balikat nito para tulungan siyang tumayo. Matangkad din ito, mga 5’7” siguro at dahil mabilis siya nitong naitayo, halatang malakas ang babae. Siguro dahil sa training ng pagiging guwardiya.

“Halika, sasamahan kita sa pulis.”

Nahintakutan si Casper. “Naku, huwag na, Miss. Okay lang talaga ako. At wala naman silang nakuhang

12
mahalaga.”

Kumunot ang noo nito sa kanya. “Hindi puwedeng hindi mo ’yun i-report.”

Hinila niya ang braso mula sa balikat nito at sumandal na lang sa pader. Masakit pa rin ang tagiliran niya at mahapdi rin ang likod ng ulo niya.

“Ano’ng i-re-report ko? Hindi ko naman sila namukhaan.”

“Kahit na. Para rin malaman ng mga pulis na may gumagalang masasamang-loob dito.”

Tumuwid siya at pinagpag ang pantalon bago muling tiningnan ang babae. “Eh, ikaw, bakit ka nandito kung may gumagala palang mga snatcher dito?”

“Taga-d’yan ako sa looban.”

“Hindi mo namukhaan ’yung mga snatcher?”

Umiling ito. “Hindi taga-rito ang mga ’yun.”

Tiningnan siya nito mula ulo hanggang paa. “Sigurado ka bang okay ka lang?”

Tumango si Casper kahit hindi.

“Saan ka ba kasi pupunta?”

Wala siyang pupuntahan sa totoo lang. Magkano lang ang dala niyang pera, wala pang isang libo. May tatlong daan siya sa bulsa, iyong iba nasa backpack na niya. Wala siyang dalang debit o credit cards dahil oras na gamitin niya ang isa sa mga iyon, matutunton siya ng mga gustong pumatay sa kanya. Maya’t maya rin siyang nagpapalit ng SIM card sa dala niyang lumang *Nokia* phone.

Sa ayaw niya o sa gusto, kailangan niya ng tulong.

“Hindi ko alam,” sabi niya na sinamahan pa ng nagpapaawang ekspresyon. Mukhang malambot kasi

ang puso ni Miss Beautiful kahit may baril itong dala.

“Naligaw kasi ako.”

Nagsalubong na naman ang mga kilay ng babae.

“Naligaw? Saan ka ba talaga pupunta?”

Shit, saan nga ba?

“Sa Baguio.”

“Baguio?” gulat nitong bulalas bago tumawa. “Alam mo naman sigurong nasa Nueva Vizcaya ka, ano?”

Napakamot siya sa batok. “Nagkamali ako ng sakay ng bus, eh,” pagsisinungaling niya.

“Eh, kailangan mong mag-bus ulit pabalik.”

Umiling si Casper. “Yun na ang problema ko. Nasa backpack ko ang wallet ko. Wala na akong pamasaha pabalik. Kanina pa nga ako naglalakad.” Huminga siya nang malalim saka tumingin sa malayo, sa direksyon pabalik sa kalsada kung saan tumakbo palabas ang mga nang-snatch ng bag niya. Nanatili siyang nakatingin doon hanggang sa pakiramdam niya ay sapat na ang dramatic tension, saka niya muling hinarap ang babae.

Nakahalukipkip na ito at mukhang hindi nadala sa pagdadrama niya.

“Kaya nga isasama na kita sa pulis,” giit nito. “At least doon makakatawag ka sa mga kamag-anak mo para manghingi ng tulong.”

“Nasa backpack din ang telepono ko. Hindi ko kabisado ang mga numbers nila.”

“Wala ba silang *Facebook*?”

“Antisocial ako. Wala akong *Facebook*.”

Nakasimangot na ngayon ang babae, mukhang pinagsisisihan nang tinulungan siya nito.

Hindi siya maaaring magpakita sa mga pulis. Kahit si Coco Martin pa iyon a.k.a. *Cardo Dalisay*, hindi siya puwedeng magpunta sa pulis. Kapag nakilala siya ng kahit isa lang sa mga ito at nai-report siya sa Maynila, patay siya. Hindi kasi niya alam kung sino sa mga pulis ang kakampi niya at sino sa mga ito ang gustong pumatay sa kanya.

Kailangan niyang ilayo ang atensyon ng babae sa pagpipilit na dalhin siya sa presinto. Bumuntong-hininga siya.

“Pasensya ka na, naabala pa kita. Salamat pala sa pagliligtas mo sa buhay ko. Sige na, mauna ka na. Okay lang ako.”

Kinapa niya ang mahapding bahagi ng ulo niya na nauntog sa dingding nang itulak siya roon ng unang snatcher. Siniguro niyang makikita ng babae ang pagngiwi niya. At nang alisin niya ang kamay mula sa buhok para tingnan iyon, basa sa dugo ang mga daliri niya. Sukat doon, hindi niya kinailangang i-exaggerate ang pamimilog ng mga mata.

“May dugo... Bakit may dugo?”

Pumalatak ang babae at hinablot ang braso niya.


“Halika nga,” inis nitong sabi.

“Saan tayo pupunta?” naalarma niyang tanong habang nakataas pa rin ang kamay niyang puro dugo.

“Sinabi nang ayokong magpunta sa pulis.”

“Hindi tayo pupunta sa pulis. Doon tayo sa bahay nang matingnan ko ’yang sugat mo.”

At dahil nakatalikod na sa kanya si Miss Maganda, malawak nang ngumisi si Casper.



CHAPTER 2

Iasiraan na siya ng bait. Ano pa ba ang maaaring dahilan kung bakit karay-karay niya ang isang estranghero pauwi sa bahay niya? Pero may kung ano kasi sa mukha at mga mata ng lalaki.

Noong una ay galit habang nakikipaglaban ito sa mga kawatan, pagkatapos ay frustration, sunod ay parang takot sa pulis, at sa huli ay ang desperasyon.

Magaling magbasa ng tao si Leya. Nakakatulong iyon sa trabaho niya, na tinitingnan lang niya ang isang tao alam na niya kung may masamang intensyon ito o wala. Itong lalaking ito, may mga sikreto ito, pero hindi niya maramdaman na may masama itong hangarin.

Saka, oo, malambot lang talaga ang puso niya.

Pero hindi ibig sabihin ng pagtulong niya rito ay tanga siya o hindi maingat. Trained siya sa hand-to-hand combat, may baril siya, at may bantay siyang higante at supladong police dog sa bahay.

Nang sulyapan niya ang lalaki, gumagala ang tingin

nito sa paligid. Sa kabilang dulo ng short cut sa eskinita ay ang mahaba at maliwanag na kalye kung saan naroon ang bahay ni Leya.

May mga hanay ng maliliit at dikit-dikit na mga bahay sa lugar. Bukas na ang mga ilaw sa halos lahat ng mga bahay at maririnig ang malakas na tunog ng mga TV na nakabukas sa mga local news channels. May mga nagtatakbuhanang bata at may mga nag-iinuman sa sari-sari store ni Aling Esther.

“Leya!”

Umikot ang mga eyeballs niya pero nilingon niya si Rigor, isa sa mga nakikipag-inuman doon. Tambay ito sa umaga, baranggay tanod sa gabi, at matagal nang sumusubok na makapanligaw sa kanya.

Nadama niyang natensyon ang katawan ng lalaking kasama niya nang huminto siya sa paglalakad. Huminto ito sa likuran niya.

“Sino ’yang kasama mo?” mapaghinalang tanong ni Rigor sa kanya. Nakatingin na rin sa kanilang dalawa ang iba pa nitong mga kainuman.

“Pinsan ko,” suplada niyang tugon. “May nakita ba kayong dumaan dito kanina na dalawang lalaki? Naka-blue ’yung isa, naka-maong saka sumbrero, ’tapos ’yung isa naka-shorts saka pulang T-shirt.”

“Wala naman. Wala akong napansin,” sagot ni Rigor na nakatingin pa rin sa estrangherong katabi niya. Pinipilit sigurong makita kung may pagkakahawig ba sila. Lumipat muli sa kanya ang mga mata ni Rigor. “Bakit?”

“Pinagdiskitahan kasi ’to, eh,” kwento niya na

itinuturo ang kasama. “Susunduin ko lang dapat d’yan sa eskinita. Pagdating ko d’un, nakikipagsuntukan na. Kung di ako bumunot ng baril, baka hindi pa tinigilan.”

“Sabi naman kasi sa ’yo barilin mo na kaagad, eh. Para saan pa ’yang baril mo kung di mo gagamitin?”

Umiling si Leya. Isa kasi si Rigor sa mga taong hindi makaintindi na por que may baril, puwede na iyong gamitin sa kung saan-saan nang walang pakundangan. Inabot lang niya ulit ang braso ng estranghero.

“Kung may makita kayong kahina-hinala, sabihin n’yo sa ’kin. Aabangan ko para makita ko kung mamumukhaan ko.”

Hinatak niya muli ang estranghero pero huminto muna sila sa carinderia ni Aling Tinang para bumili ng hapunan.

Kaya siya nasa eskinita kanina, lalabas sana siya para bumili ng burger sa *Jollibee*. Heto, hindi burger ang na-i-take out niya.

Bumili siya ng kanin, pritong galunggong at ginisang monggo. Kung ayaw iyon ng lalaki, bahala ito sa buhay nito. Kumain ito ng dog food. Saka niya ito muling iginiya papunta sa bahay niya.

Pagkakitang-pagkakita sa kanya ng aso niyang pinangalanan niyang Kylo Ren alinsunod sa kontrabida sa *Star Wars Episode VII*, halos mag-tumbling ito sa tuwa sa likuran ng maliit na gate ng inuupahan niyang bahay. Ingit-tahol ang ginawa nito habang papalapit sila ng bisita at habang binubuksan niya ang gate ng bahay. Tumungo siya para haplusin ang aso sa pagitan ng mga tainga at sa

tagiliran nito habang sinasabihan ito ng “good boy.”

Pero nang magsimulang pumasok ang kasama niya, naging alerto ang German Shepherd. Nagsimula itong magpakawala ng mababang ungol habang nakalabas ang mga pangil.

Muling humakbang palabas ng gate ang lalaki at itinaas ang dalawa nitong mga kamay. Inabot ni Leya ang braso nito at hinatak ito papasok. Sinundan ito ng tingin ni Kylo hanggang sa makapasok silang tatlo sa bahay.

Maliit lang iyon. May espasyo lang para sa isang sofa at isang mababang mesa kung saan nakapatong ang mga Tagalog pocketbooks na nag-iisa niyang bisyo. Magkasama sa kabila niyon ang kusina at dining table na tama lang para sa dalawang tao.

May dalawang pinto sa kabila. Ang isa ay papunta sa banyo at ang isa ay papunta sa silid niya.

Pinaupo niya ang lalaki sa isang upuan sa mesa bago niya dinala ang plastic ng pagkain sa kusina. Saka siya dumerecho sa kuwarto. Sinundan siya ni Kylo na naupo sa tapat ng pintuan ng silid niya habang pinagmamasdan ang bisita nila.

Huwag lang maisipan ng lalaking ito na gumawa ng kalokohan dahil talagang lalapain ito ng aso niya. Kinuha ni Leya ang first aid kit niya bago binalikan ang lalaking tahimik pa ring nakaupo sa mesa.

“Salamat, ha,” sabi nito habang pinapanood siyang magbukas ng balot ng antiseptic wipes.

“Wala ’yon.” Inuna niyang linisin ang sugat nito sa likod ng ulo. “Ano pala’ng pangalan mo?”

“Cas...pian,” pagtatapos nito matapos matigilan sandali. “Caspian.”

Alam niyang nagsisinungaling ito.

“Caspian? Saan naman nakuha ng nanay mo ang pangalan mo?”

“Sa *Chronicles of Narnia*. Si Prince Caspian. Si Ben Barnes? Hindi mo ba napanood ‘yun?”

Umiling si Leya.

“Ikaw, ano’ng pangalan mo?”

“Catleya.”

Bahagya itong lumingon para tingnan siya. “Yung notebook?”

“Oo, pero single ‘t.” Doon lagi unang ikino-connect ng mga bagong kakilala ang pangalan niya. Siya si Catleya “Yung Notebook” Ynares.

“Leya na lang.”

“Cas na lang. Nice to meet you, Leya.” Binigyan siya nito ng isang maliit na ngiti.

Lumundag ang puso niya. Ang guwapo kasi nito. Ayaw niyang isipin iyon kanina. Baka kasi mamaya iyon pala ang dahilan kung bakit niya ito tinutulungan. Wala naman kasi sa hitsura ang ugali ng isang tao. Minsan iyong mukhang sakristan pa ang manyak at iyong mukhang boksingero ang bading.

“Nice to meet you, too.” Ibinalik niya ang atensyon sa sugat nito. “Hindi naman siya malalim, hindi kailangang dalhin sa ospital.”

“Hindi ko alam kung bakit ang malas ko.”

“Paano naman kasi nangyaring maling bus ang

sinakyan mo?”

“May daan naman pa-Baguio galing dito, di ba?”

“Sa Aritao ’yun,” sabi niya. “Yung Baguio-Aritao Road. Lampas ka na. Kalahating oras mahigit ang biyahe pabalik d’un galing dito.”

Hindi ito nagsalita. Nilagyan niya ng maliit na tapal ang sugat nito.

“Leya,” simula nito bago huminto at huminga nang malalim. “Alam kong kakapalan na ng mukha itong gagawin ko, pero puwede bang makitulog dito sa ’yo?”

“Ha?” bulalas niya.

“Ngayong gabi lang. Wala lang kasi akong ibang pupuntahan,” mabilis nitong dagdag.

“O, eh, bakit? Bukas ba may pupuntahan ka?”

Natigilan si Caspian. “Wala rin.” Tiningala siya nito. “Ibig bang sabihin papatirahin mo rin ako dito bukas? Aray!”

Diniinan kasi niya ang tapal sa sugat nito bago inilagay ang pinakahuling tape doon. Lumipat siya sa upuan sa harapan nito para ang sugat naman sa kilay nito ang gamutin.

“Iniligtas na kita, ha. Tama na ’yun.”

Nakonsyensya ang dalaga nang mapangiwi ang lalaki nang walang-ingat niyang punasan ang sugat nito.

“Oo nga. Tatanawin ko ’yung utang na loob habambuhay pero desperado na ako, Leya. Wala talaga akong ibang pupuntahan.”

“Sa pulis nga.”

Inilayo nito sa kamay niya ang mukha. “Hindi talaga

puwede,” giit nito.

Hayan na naman ang narinig niyang takot sa tono nito.

Umiling siya. “Cas, paano naman kita patutulugin dito? Hindi na nga kita kilala, takot ka pa sa pulis. Teka, wanted ka ba?”

“Hindi, ’no!” Nainsulto niya yata ito.

Pinagmasdan niya si Caspian. Alam niya ang nakikita nito habang nakatingin sa kanya. Sa ngayon, mapaghinala ang ekspresyon niya pero ang totoo ay gusto niya itong tulungan. Iyon lang, hindi rin siya utu-uto na magtitiwala na lang sa isang lalaking hindi na nga niya kilala, halatang may itinatago pa sa kanya at ayaw pang magpunta sa pulis.

Tahimik ang tono nito nang muling magsalita. “Paano kung sabihin ko sa ’yong prosecution witness ako sa isang kasong kinasasangkutan ng mga pulis kaya hindi nila ako puwedeng makilala?”

Sinero ang tinig nito at kung susumahin, mukhang hindi ito nagsisinungaling. Nagkibit-balikat siya.

“Malay ko ba kung ngayon mo lang naisip ’yan?”

Bumuga ng hangin ang lalaki. “Oh, come on! Convincing naman, di ba?”

“Eh, malay ko nga,” giit niya na muling pinunasan ang kilay ni Caspian.

Kinuha nito ang kamay niya. “Sige na, Leya. Kahit hindi dito sa loob ng bahay mo. Kahit d’yan lang sa labas. Bigyan mo lang ako ng karton. Basta may matulugan lang ako ngayong gabi. Wala akong ibang pupuntahan.

Wala rin akong kilala rito. Ikaw pa nga lang ang nakausap ko rito, puwera d'un sa kundoktor ng bus. Please, Leya. Please?"

Mukha ring ma-pride ang lalaki pero nagmamakaawa ito sa kanya ngayon. Lalong naantig ang pusong mamon ni Leya. Tsk. Kaya siya napapahamak, eh!

Bumuntong-hininga siya at hinila ang kamay mula sa hawak ng lalaki para muling linisin ang sugat nito sa kilay. "D'yan ka na sa sala matulog."

Hindi niya mailarawan ang ekspresyon nito. Hindi ito mukhang nagtagumpay o nakaisa sa kapwa. Puno lang ng pasasalamat ang mga mata nito.

"Pero babantayan ka ni Kylo. Hindi lang 'yan basta aso. Trained 'yan na protektahan ako. Wala ka namang mananakaw dito pero kung meron at lumabas ka, mapapansin ka ng mga kapit-bahay. Saka 'wag mong kakalimutang may baril ako."

Kumuha si Leya ng mas maliit na bandage at inilagay iyon sa sugat ni Caspian. "Kung puwede lang sana kita bigyan ng pera pamasaha o kaya para maka-check in ka sa hotel, gagawin ko. Kaya lang wala rin akong extra. Sa isang linggo pa ang sweldo."

Naka-budget kasi hanggang sa huling piso ang pera niya.

Tumayo na siya at niligpit ang mga ginamit para gamutin si Caspian. "Maghugas ka na ng kamay. Maghahain na ako."

Tumayo rin si Kylo nang tumayo ang lalaki. Nagpigil ng ngiti si Leya nang makitang maingat itong naglakad

papunta sa lababo na hindi inaalang ang mga mata sa baby niya. Ibinalik niya ang first aid kit sa silid saka siya naghugas ng sariling mga kamay at naghain.

Pinanood niya ang bisita habang nasa hapag sila. Mabagal itong kumain kahit pa alam niyang nagpipigil lang ito dahil gutom ito talaga. Kaunti lang ang kinain ni Leya. Burger kasi talaga ang gusto niya. Nilingon siya ni Caspian habang kumukuha ito ng ulam mula sa mangkok. Dahil nahuli siya nitong nakatingin dito, itinanong na lang niya ang nasa isip niya.

“Tungkol d’un sa pagiging witness mo sa krimen na sangkot ang mga pulis?” Tumango ito bago muling binalingan ang pagkain nito. “Totoo bang naligaw ka papunta rito o nagtatago ka kaya kung saang bus ka lang sumakay?”

Bumuntong-hininga ang lalaki. “Yung pangalawa. Hindi ko talaga pinlano kung saan ako pupunta. Basta sumakay lang ako ng bus. Wala talaga akong lugar na pupuntahan. Sabi ko lang bababa ako kung saan hihinto’yung bus.”

“Pero kung witness ka ng prosecution...”

“May date naman na’yung trial. Tatawag-tawag na lang ako sa abogado para mabalitaan niya ako kung may development saka para malaman din niyang buhay pa ako.”

“Nasa panganib ba ang buhay mo?” Iyon kasi ang mahalaga. Madadamay ba siya kung may kinasasangkutan itong gulo?

“Oo, pero ’wag kang mag-alala. Hindi ka naman

madadamay,” sagot nito na tila nabasa ang iniisip niya. “Basta hindi malalaman ng mga pulis na nandito ako. Kung makikilala nila ako, baka i-report ako sa Maynila. Kung mahuhuli nila ako, kahit matino silang pulis at nakarating d’un sa mga tiwaling pulis kung nasaan ako, malilintikan ako.”

Nang matapos kumain, pinigilan siya ni Caspian na magligpit. “Ako na lang. Ako na ang nakikain, ikaw pa ang paghuhugasin ko ng pinggan.”

Tumango siya at tumayo na mula sa mesa. Sumunod si Kylo kay Leya nang bumalik siya sa silid niya para kunin ang banig na puwedeng tulugan ng lalaki. Kumuha na rin siya ng unan, kumot at tuwalya. Siya na rin ang naglatag ng mga iyon sa sahig para sa lalaki.

Pagkatapos niyon, naglagay siya ng pagkain at tubig sa mga kainan ni Kylo, saka siya bumalik sa silid para kumuha ng damit. Tapos nang magligpit ng pinagkainan nila si Caspian at nakaupo na ito sa banig nang lumabas siya ng silid. Dumerecho na lang siya sa banyo para maligo, magsepilyo at magbihis.

Nang lumabas ng banyo si Leya, nakasuot na siya ng sweatpants at T-shirt, at basa na ang buhok.

“Kung gusto mong magbanyo...” Nagmuwestra siya sa pintuan. “May extrang toothbrush din ako d’un sa ibabaw. May balot pa ’yun. Gamitin mo na.”

“Salamat.” Nagsimula itong tumayo at nag-angat din ng ulo si Kylo para tingnan kung ano ang gagawin nito. Napatingin sa aso ang lalaki.

“Ah, gagawin ba niya ’yan buong gabi?”

Nagpigil ng ngiti si Leya. “Oo.”

Lumapit ang aso sa kanya nang tuluyang tumayo ang lalaki. Tumayo si Kylo sa pagitan nilang dalawa at nanatiling nakatingin kay Caspian. Alam niyang kung aabutin siya nito, siguradong sasakmalin ito ng aso sa maselang bahagi ng katawan.

Hinaplos niya ang aso sa pagitan ng mga tainga. “Dito ka lang sa labas, baby. Bantayan mo si Cas. Huwag mo siyang palalapitin sa pinto ni Mommy,” utos niya rito bago muling binalingan ang lalaki. “Papasok na ako. Alas seis ako babangon bukas. Alas siete ako aalis ng bahay para pumasok sa trabaho.”

Ibig sabihin hanggang alas siete ka lang din dito.

“Leya, salamat talaga, ha. Hindi pa kita mababayaran pero sana balang-araw...”

“Huwag mong isipin ’yun. Magpahinga ka na.”


“Salamat. Good night.”

“Good night.”

Iniwang niya ang lalaki at ang aso sa labas at isinara ang pinto ng silid niya. Ikinandado niya ang pinto saka niya tinungo ang mesa niya kung saan niya ipinatong ang backpack niya. Kinuha niya ang baril niya. Ilalagay niya iyon sa ilalim ng unan niya ngayong gabi.

Mahirap na. Mabuti na iyong handa.





CHAPTER 3

Hindi gumawa ng ingay si Leya nang bumangon siya kinabukasan. Hawak ang baril niya, marahan niyang pinihit ang doorknob at hinila pabukas ang pinto. Mamaya inaabatan na pala siya ni Caspian sa labas at bigla na lang siyang saksakin.

Nang mabuksan ang pinto, nakaupo na si Kylo Ren sa tapat niyon, hinihintay na siya. Nasa banig pa rin si Caspian, nakatalukbong ng kumot.

Ibinalik niya ang baril sa backpack niya bago siya muling lumabas ng silid. Binuksan niya ang pinto para palabasin si Kylo bago siya bumalik sa kusina para magpainit ng tubig. Ang nakaugalian niya ay ang lumabas pagkagising para mag-jogging kasama ni Kylo.

Pagkatapos ay bibili sila ng pandesal sa panaderia bago sila umuwi para mag-almusal. Pero hindi niya iiwan si Cas na mag-isa sa bahay niya. Kahit pa wala itong mananakaw.

Nang muling pumasok ang aso niya, lumapit na si

Leya sa lalaki. Ginamit niya ang daliri ng paa niya para kalabitin ang likod nito.

“Cas?” tawag niya. “Cas?”

Napatili siya sa gulat nang bigla itong umupo na parang naalimpungatan. Namimilog ang mga mata nito, at nakaamba ng suntok sa kanya. Pero hindi iyon ang ikinagulat niya.

“Susmaryosep! Bakit ka nakahubad?” tili niya sabay talikod dito.

Pero huli na dahil nakita na niya ang matigas na mga kalamnan ng dibdib nito, ang linya ng muscles ng abs at ang... iyong... bahagi ng *ano* nitong lumitaw nang bumaba ang kumot.

“Sorry, sorry,” natataranta nitong saad. “Ano, kasi... nilabhan ko ’yung T-shirt saka underwear ko kagabi.”

“Diyos ko,” pabulong niyang saad na hindi alam kung ano ang susunod na gagawin. “Hotdog pa naman ’tong lulutuin ko.”

Narinig niyang mahinang natawa si Caspian sa likuran niya na bigla ring naputol nang lingunin niya ito para irapan. Tumikhim ito at nag-iwas ng namumulang mukha. Nakatayo na ito at nakabalot na ang kumot sa katawan. Nakaipit ang tela sa ilalim ng kilikili nito at hawak nito iyon sa likuran para siguro hindi malantad ang puwet nito.

Namula ang mga pisngi ni Leya at inabot na lang niya ang kawali bago iyon padabog na inilagay sa kalan.

“Mauna ka na nga sa banyo! Maligo ka na’t magbihis!”

Nagmamadali itong pumasok ng banyo. At nang

maisara nito ang pinto, bumuga ng hangin si Leya.

Na-corrupt ang utak niya! Sa tanang buhay niya hindi pa siya nakakakita ng lalaking nakahubad nang live and in person. Ngayon pa lang!

Pero at least maganda ang katawan ng unang lalaking nabosohan niya. Maskulado pero medyo payat lang talaga. Siguro nga dahil sa stress na dala ng pagtatago nito.

Pero 'yung dibdib at 'yung abs, parang nililok!

At 'yung...

“Ay, higanteng hotdog!”

Nagulat siya nang kalabitin siya ni Kylo. Nalimutan pala niya itong bigyan ng almusal.

Nagsalin siya ng dog food sa kainan nito at pinalitan ang tubig bago siya nagluto ng sarili nilang almusal ni Caspian.

Paglabas ng banyo ng lalaki, nakahain na siya ng almusal. Sinabihan niya itong kumain na bago siya pumasok sa banyo. Hindi niya ito matingnan nang derecho sa mukha.



Lumabas sila ng bahay nang alas siete ng umaga. Nagpaalam siya kay Kylo na malungkot na umingit sa kanya. Ganoon naman iyon lagi kapag iiwan niya. Isinara niya ang gate at muli silang naglakad ni Caspian.

Medyo basa pa ang suot nitong T-shirt at halatang hindi komportable roon ang lalaki. Gayunpaman, wala siyang narinig na reklamo mula rito.

Nilakad nila ulit ang kalsada papunta sa eskinita, at

nang makalabas doon, hinarap niya si Cas.

“Dito na ako,” aniya na hindi pa rin makatingin sa lalaki.

Una, nakokonsyensya siya na pababayaang na lang niya ito gayong alam niyang wala itong ibang pupuntahan. Pakiramdam kasi niya nagliligaw siya ng kuting na walang kalaban-laban.

Ikalawa, Diyos ko naman kasi! Paano pa siya makakatingin sa jumbo na *Tender Juicy Hotdog* nang hindi naiisip ang lalaking ito?

Dumukot siya mula sa bulsa ng P200. Iniabot niya iyon kay Caspian.

“Pasensya ka na kasi ito lang talaga ang kaya kong ibigay sa 'yo.”

Sa totoo lang, ang ibig sabihin ng pagbibigay niya rito ng P200, dalawang araw siyang todo-tipid. Pero sige na. Mas kailangan iyon ni Caspian.

Napatingin sa pera ang lalaki. Hindi na naman niya mailarawan ang mukha nito. Tila ba touched na touched ito. Nang mag-angat ito ng paningin, nahihiya itong ngumiti sa kanya.

“Leya, salamat ulit, ah.”

Tumango siya at nagsimula nang maglakad paatras.

“Mag-iingat ka,” bilin niya.

“Ikaw rin.”

Ngumiti siya rito saka siya tumalikod at naglakad palayo.

Mabagal ang mga hakbang niya at tila mabigat ang mga paa niya. Nagngalit siya ng ngipin dahil pinipigilan

niya ang sarili na lumingon. Sigurado niyang kapag lumingon siya, maaawa siya sa lalaki.

Malapit na siya sa pedestrian lane nang bumuga siya ng hangin. Sige na nga! Lumingon na siya. Hindi nakatingin sa kanya si Caspian pero para itong batang paslit na iniwan ng magulang sa gitna ng kalsada na hindi alam kung saan pupunta.

Bumuntong-hininga siya at mabilis na naglakad pabalik.

Napalundag sa gulat si Caspian nang hawakan niya ito sa braso at sinimulan itong kaladkarin.

“Akala ko papasok ka na,” tanong nito. Masaya ang tono nito at nang sulyapan niya ang lalaki, hindi nito naitago ang malaking ngisi at ang ekspresyon sa mga mata na tila ba nabunutan ito ng tinik.

“Sinabi ko na kasi sa sariling kong huwag nang lumingon, eh,” sagot niya na hindi napigilan ang pagkainis sa tono. “Pero pagtingin ko sa ’yo para kang batang nawawala. Isasama na kita sa trabaho. Ipapakilala kita sa boss ko.”

“Bakit?” tanong nito habang sumusunod sa kanya.

“Ipapasok kitang kargador sa warehouse. Kuripot ’yun kaya huwag kang umasang malaki ang sasahurin mo lalo na’t under the table ka. Pero babayaran ka n’un nang arawan. Pumasok ka kahit hanggang sa makaipon ka lang ng pamasahang papunta sa kung saan mo gustong pumunta sa susunod.” Sinulyapan niya ito. “Itataya ko ang reputasyon at trabaho ko sa ’yo, ha! Huwag mo akong ipapahiya.”

“Hindi!” pangako nito. “Pramis, magsisipag ako. Hindi ka mapapahiya.”

Bumuga na lang siya ng hangin habang napapailing. Uto-uto yata talaga siya.

Sinundan siya nito hanggang sa marating nila ang isang mataong lugar malapit sa palengke kung saan tabi-tabi ang mga kainan, boutiques at mga grocery stores. Pumasok sila sa employee entrance sa warehouse sa likod ng pinagtatrabahuan niyang grocery.

Idinerecho niya ito sa opisina ng boss nila. Kumatok siya sa pinto at nang marinig na pinapapasok sila ng nasa loob, saka iyon binuksan ni Leya.

Payat at singkit ang lalaking nakaupo sa likod ng mesang puno ng mga papel. May kung ano itong kinukwenta habang nakatungo sa isang notebook. Nagangat ito ng paningin at kumunot ang noo nang makita siya.

“O, bakit? Babale ka?” suplado nitong tanong.

“Hindi po, Sir Mar. Kailan ba naman ako bumale?”

“Sabagay.”

Kaya nga malakas ang loob niyang manghingi ng pabor dahil lagi siya nitong ginagawang example sa mga kasamahan niya. Hindi kasi siya mahilig mangutang.

Lumipat ang paningin nito sa katabi niya.

“Sir, pinsan ko po, si Caspian,” pagpapakilala niya sa lalaki. “Gusto po sana niya magtrabaho dito.”

Nagsalubong ang mga kilay ni Sir Mar. “Anong trabaho?”

“Sa warehouse sana, sir. Pero isang buwan lang kasi

siya rito kaya kahit sana part-time lang.”

Lumipat ulit kay Caspian ang mga mata ni Sir Mar at tiningnan ito mula ulo hanggang paa pabalik, pagkatapos ay binalingang muli si Leya. “Ano’ng sabi mo? Pinsan mo?”

“Opo.”

“Ano’ng apelyido mo?” tanong nito kay Cas.

Hindi ito agad nakasagot. Nilingon niya ito. “Ah... Abelgas po.”

Nabilaukan si Leya. Langya, sa dami ng apelyido, Abelgas pa ang napili nito? As in gusto nitong Cas Abelgas ang pangalan nito? Bigyan lang ito ng jacket ng pulis, SOCO na!

“Ano’ng nangyari sa mukha mo?” tanong muli ni Sir Mar habang nakatingin sa sugat sa kilay ni Caspian.

“Na-holdap po ako kahapon, sir. Nanlaban po ako.”

Matagal na nanatiling tahimik si Sir Mar na para bang pinag-iisipan pa kung maniniwala sa lalaki bago muling tiningnan si Leya.

“Mapagkakatiwalaan ba ’to?” prangka nitong usisa.

“Opo, sir.”

Hindi naman po niya ako sinaksak kagabi o sinubukang pagsamantalahan.

Matapos ang matagal na pagkilatis nito kay Cas, tumango si Sir Mar at muling tumungo sa notebook nito.

“Ipakilala mo kay Darlene bago siya magsimula,” utos nito.

“Sige po, sir,” ani Leya. “Thank you po.”

“Thank you, sir,” sabi na rin ni Cas.

Ikinumpas lang ng boss ang isang kamay. Muli silang lumabas ng lalaki ng opisina.

“Abelgas? Cas Abelgas? Seryoso ka?” bungisngis niya nang marating nila ang hagdan.

“Yun ang naisip ko, eh!”

Tumawa silang dalawa pero mayamaya ay pinagmasdan niya ang lalaki.

“Hindi Caspian ang tunay mong pangalan, ano?” seryoso niyang tanong.

Nang mag-iwas ito ng tingin, alam niyang tama siya. Nang hindi ito sumagot para sabihin sa kanya kung ano ang tunay nitong pangalan, tumango na lang siya at nagsimula nang bumaba ng hagdan.

Hindi naman dapat pero nagtampo siya. Matapos niya itong pagkatiwalaan nang ganoon-ganoon lang, kahit pangalan lang, hindi nito maipagkatiwala sa kanya.

Nilingon niya si Cas nang abutin nito ang braso niya. Nagbukas ito ng bibig pero muli iyong isinara kahit pa wala pang sinasabi. Bumuntong-hininga ito.

“Hindi ko na alam kung paano magpapasalamat sa 'yo.”

Tipid siyang ngumiti. “Wala 'yun. Halika na. Ipapakilala kita kay Ate Darlene. Sa kanya ka mag-re-report sa umaga pagdating mo, kapag lalabas ka para magtanghalian 'tsaka kapag balik mo, 'tsaka sa gabi pag uuwi ka na. Para alam niya kung ilang oras ka nandito. Siya rin kasi ang magpapasuweldo sa 'yo.”

“Sige. Salamat talaga.”

“You're welcome.”



Buong araw nagbuhat ng mabibigat na mga kahon si Casper. Bago ang trabaho sa kanya at mahirap pero hindi siya nagreklamo. Ipinangako niyang hindi mapapahiya si Leya sa kanya kaya tutuparin niya iyon.

Hindi sila sabay na nagtanghalian ng babae. Isinama siya ng ibang mga katrabaho sa carinderia na malapit sa grocery. Mababait naman ang mga ito at ilan sa mga ito ay interesado sa “pinsan” niya.

Maganda nga kasi si Leya. Kahit siya ay nalaglag ang panga noong nakita niya ito kanina paglabas nito ng locker room. Nakaayos kasi ito, naka-makeup at nakauniporme. Hapit sa katawan nito ang suot na itim na pantalon at puting long-sleeve na uniform top nito. Ang sexy pala nito. She had womanly hips, a small waist and full breasts that—

Muntik na siyang mabangga sa estante ng mga sardinas sa paghahabol niya ng tingin dito.

Nang dumating ang uwian, lumapit siya kay Ate Darlene para kunin ang sweldo niya. Tumataginting na P400 ang iniabot nito sa kanya. Iyon na yata ang pinaka-espesyal na P400 na natanggap ni Cas sa buong buhay niya.

Nagmamadali siyang nagpunta sa entrance ng grocery. Naabutan niya roon si Leya na tinutulungan ang isang lola na isakay ang mga pinamili nito sa isang tricycle.

“Sumuweldo na ako!” nakangisi niyang balita at

nakibuhay na rin ng isang plastic bag mula sa mga pinamili ng matanda para ikarga iyon sa loob ng tricycle.

“O di mabuti,” sagot ni Leya na nakangiti na rin.

“Tapos na ang trabaho mo ngayon?”

“Oo.”

Tinulungan din niyang sumakay ng tricycle si Lola. Ewan niya kung paano nito napagkasya ang sarili sa loob gayong kasing-laki ito ni Ruby Rodriguez at pang-isang buong sari-sari store ang pinamili nito.

Nang abutan siya nito ng beinte pesos na tip at sinabihang hati sila roon ni Leya, masaya siyang nagpasalamat dito at wala sa sariling iniabot kay Leya ang pera.

“Sige na, sa ’yo na ’yan,” sabi nito, natatawa. “Kung gusto mo, maglibot-libot ka na lang muna. Hanggang alas ocho pa ako rito. Balikan mo na lang ako mamaya para sabay na tayong umuwi.”

Mabagal na napaawang ang mga labi niya. Kulang na lang kuminang din ang mga mata niya tulad ng sa mga cartoons. “Pauuwiin mo ulit ako sa bahay mo?”

“O, eh saan ka uuwi?” biro nito. “Kaya na bang pang-hotel ’yang sweldo mo?”

“Hindi, pero...” Bumuga siya ng hangin. Hindi niya napigilan ang sarili at hinablot ang babae para mahigpit itong yakapin. Napaigik ito pero bago pa ito makakilos, para siguro sapakin siya, hindi niya alam, muli na niya itong inilayo sa kanya at nginisian. Nanlalaki ang mga mata nito sa kanya.

“Thank you. Thank you. Sige, ako na’ng bahala sa

hapunan natin. Bibili lang ako ng pagkain. Babalikan kita dito. Sandali lang ako.”

Tinalikuran niya ito at naglalakad na siya palayo bago siya may naisip. Muli niyang hinarap si Leya na nakatingin pa rin sa kanya.

“Okay lang ba kung bumili muna ako ng T-shirt saka underwear? Kasi kung babalik ako dito bukas—”

Tumawa na rin si Leya. “Sige lang.”

Muli siyang masayang ngumisi saka siya tuluyang umalis.



Matapos ang isa’t kalahating oras, bumalik na siya sa grocery para hintayin na si Leya. Nakabili na siya sa ukayan ng tatlong T-shirts at isang pares ng pantalon sa halagang P150 pesos.

Tuwang-tuwa siya. Hindi kasi niya akalain na kaya niya ang ganoon. Sa dating buhay ni Casper, pangkape lang niya ang ganoong halaga.

Naisip niyang hindi niya pinapahalagahan noon ang pera. At bakit naman? Hindi siya ang naghihirap para kitain ang ginagasta noon. Ibinibigay lang iyon sa kanya ng tatay niya. Hindi na iyon mauulit. Natuto na siya.

Bumili na rin siya ng ilang pares ng underwear at medyas pero pumasok siya sa isa sa mga tindahan para roon. Hindi niya maisip na bumili ng briefs sa ukayan. Bumili na rin siya ng sabon, shampoo, at toothpaste. Kagabi at kaninang umaga ay nakihingi lang siya kay Leya. Nakakahiya rito kung hihingi siya ulit.

Iyong sukli ay ipinambili niya ng inihaw na liempo at kanin para sa hapunan nila. Maingat din niyang binilang ang sukli niya. Ibabalik niya kay Leya ang ibinigay nito sa kanyang pera kaninang umaga.

Nang magsara na ang grocery, hinintay niya ang dalaga sa labas ng locker room ng mga babaeng empleyado. Naka-oversize T-shirt, maong at sneakers na ulit ito nang lumabas at wala nang makeup.

“Gusto mong ilagay na sa backpack ko ’yang mga dala mo?” usisa nito.

“Sige. ’Tapos ako na ang magdadala ng bag mo.”

“Huwag na, ako na,” sabi nito habang isinisiksik niya sa bag nito ang mga plastic na bitbit niya. “Baka manakaw na naman kung ikaw ang magdala.”

“Hindi na.” Hinila niya ang zipper para maisara ang bag. “Nand’yan ka naman, eh. May bodyguard ako.”

Natawa ito pero hinayaan siyang kunin ang backpack nito para siya na ang magdala niyon.

“Kumusta ang first day mo?” tanong nito habang naglalakad sila pauwi.

“Nakakapagod,” pag-amin niya. “Pero siguro dahil din hindi ako sanay sa buhatan.”

“Ano ba’ng trabaho mo sa Maynila?”

Sinulyapan niya ito. “Paano mo nalamang taga-Maynila ako?”

Nagkibit-balikat ang babae. “Yung punto mo.”

“Malay mo naman kung taga-Batangas ako.”

“Iba ang punto nila. Saka medyo malalim silang mag-Tagalog.”

“Ikaw ba taga-Vizcaya ka talaga?”

Nakita niyang umiling ang babae, natatawa. “Sige na nga, papayag na akong baguhin mo ang usapan. Oo, tagarito talaga ako. Taga-d’un ako sa Sta. Fe. Nand’un ang pamilya ko.”

“May isa akong gustong malaman na kagabi ko pa iniisip.”

“Ano ’yun?”

Muli niya itong nilingon. “Curious ako kung bakit ka nag-security guard. Gusto mo bang mag-pulis pero hindi ka natuloy o ano?”

“Oo.”

“Ba’t di ka natuloy?” udyok niya nang hindi iyon dinagdagan ng babae.

Umismid ito sa kanya. “Ikukwento ko ’yun kung sasabihin mo sa ’kin ang totoo mong pangalan.”

Nag-iwas siya ng tingin. “Gusto mo ba ng gulay?” pagbabago niya ng usapan. “Bumili tayo ng gulay d’un sa carinderia malapit sa bahay mo bago tayo umuwi.”

Mahinang tumawa si Leya at siniko siya bago sila nagpatuloy sa paglalakad pauwi.

